REPUBLIKA NG PILIPINAS
**PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA**
**KALAKHANG MAYNILA**

**Sangguniang Panglungsod**

## KAPASIYAHANG PANGLUNGSOD BILANG 97-100

**KAPASIYAHAN NA NAGBIBIGAY KAPANGYARIHAN SA PUNONGLUNGSOD, KGG. IGNACIO R. BUNYE NA KUMATAWAN SA PAMAHALAANG LUNGSOD NG MUNTINLUPA UPANG PUMASOK SA ISANG KASUNDUAN NG PAGPAPAUTANG SA SAMAHANG MAGKAKAPITBAHAY NG FREEWILL SUBDIVISION SA HALAGANG WALONG DAANG LIBONG PISO (P800,000.00) NA GAGAMITIN SA PAGPAPAAYOS NG TITULO NG LUPANG KANILANG TINITIRAHAN SA FREEWILL SUBDIVISION, BARANGAY PUTATAN, LUNGSOD NG MUNTINLUPA.**

***********************************************************************

Ipinanukala nina : **Kgg. Rufino B. Joaquin**
**Kgg. Melchor R. Teves**
**Kgg. Rafael R. Arciaga**
**Kgg. Aldrin L. San Pedro**
**Kgg. Jo Jason T. Alcaraz**
**Kgg. Roman E. Niefes**
**Kgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
**Kgg. Dante S. Almario**
**Kgg. Victor L. Ulanday**
**Kgg. Rey E. Bulay**
**Kgg. Reynaldo A. Abas, Jr.**
**Kgg. Alejandro L. Martinez**
**Kgg. Artemio A. Simundac**
**Kgg. Allan Rey A. Camilon**

***********************************************************************

**SAPAGKAT,** sa ilalim ng Seksiyon 9, Artikulo II ng Saligang Batas ng Pilipinas, dapat itaguyod ng Estado ang makatuwiran at dinamikong kaayusang panlipunan na titiyak sa kasaganaan at kasarinlan sa bansa at magpapalaya sa sambayanan sa kahirapan sa pamamagitan ng mga lingkurang panlipunan, nagtataguyod ng pagkakataon na makapaghanapbuhay ang lahat, umangat sa katatayuan ng pamumuhay at ng lalong mainam na uri ng buhay para sa lahat;

**SAPAGKAT,** ayon sa Seksiyon 36 ng Batas Republika Bilang 7160, na kilala bilang Kodigo ng Pamahalaang Lokal ng 1991, na bawat yunit ng lokal na pamahalaan ay maaaring magkaloob ng tulong, pinansiyal o kasingtulad sa mga samahang pang-pamayanan, di-pampamahalaan para sa pang-ekonomiya o panlipunang proyekto;

**SAPAGKAT,** layunin ng Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ang mabisang pagkakaloob ng mga pangunahing serbisyo sa kanyang mamamayan, partikular ang tungkol sa kagalingang panlipunan na mag-aangat sa kalagayan ng mga maralitang tagalungsod alinsunod sa "Programa sa Panlipunang Pagbabago (Social Reform Agenda), bilang prayoridad;

**SAPAGKAT,** ang mga kasapi ng Samahang Magkakapitbahay ng Freewill Subdivision Putatan, Lungsod ng Muntinlupa ay nagkaisang humiling sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa ng tulong pinansiyal sa halagang **Walong Daang Libong Piso (P800,000.00)** upang gamitin bilang halagang gugulin sa paglilipat ng titulo ng lupang tinitirahan nila sa pangalan ng indibiduwal na kasapi ng Samahang Magkakapitbahay ng Freewill Subdivision, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa na kukunin sa Community Development Fund;

**NGAYON, DAHIL DITO,** pinagpasiyahan ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa na pagkalooban ang Punonglungsod, Kgg. Ignacio R. Bunye, ng kapangyarihan na kumatawan sa Pamahalaang Lungsod ng Muntinlupa upang pumasok sa kasunduan ng pagpapautang sa Samahalang Magkakapitbahay ng Freewill Subdivision, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa sa halagang **Walong Daang Libong Piso (P800,000.00)** na gagamitin bilang halagang gugulin sa paglilipat ng titulo ng lupang tinitirahan nila sa pangalan ng indibiduwal na kasapi ng Samahang Magkakapitbahay ng Freewill Subdivision, Putatan, Lungsod ng Muntinlupa.

**PINAGTIBAY** ng Sangguniang Panglungsod ng Muntinlupa ngayong **08 Disyembre 1997, sa ginanap na ika-108 Regular na Sesyon.**

**SUMANG-AYON :**

| | |
|---|---|
| **KGG. MELCHOR R. TEVES**<br>Konsehal | **KGG. REYNALDO A. ABAS, JR.**<br>Konsehal |
| **KGG. RAFAEL R. ARCIAGA**<br>Konsehal | **KGG. REY E. BULAY**<br>Konsehal |
| **KGG. ALDRIN L. SAN PEDRO**<br>Konsehal | **KGG. ALEJANDRO L. MARTINEZ**<br>Konsehal |
| **KGG. JO JASON T. ALCARAZ**<br>Konsehal | **KGG. RUFINO B. JOAQUIN**<br>Konsehal |
| **KGG. ROMAN E. NIEFES**<br>Konsehal | **KGG. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**<br>Konsehal |

**KGG. ARTEMIO A. SIMUNDAC**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Asosasyon ng mga Punong-Barangay

**KGG. ALLAN REY A. CAMILON**
Kinatawan ng Sektor
Pangulo
Pederasyon ng Sangguniang Kabataan

**LIBAN :**

**KGG. DANTE S. ALMARIO**
Konsehal

**KGG. VICTOR L. ULANDAY**
Konsehal

**PINATOTOTOHANAN** ko ang katumpakan ng Kapasiyahang Panglungsod na ito.

**NECITO M. GUICO**
Kalihim
**SANGGUNIANG PANGLUNGSOD**

**PINATUTUNAYAN :**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**
Pangalawang Punonglungsod/Pangulong Opisyal

**PINAGTIBAY :**

**MGGL. IGNACIO R. BUNYE**
Punonglungsod

1/5/98

Petsa : ____________________